


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 22: Pagbubuod ng Kuwento



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 22: Pagbubuod ng Kuwento
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Renee Rose R. Malibiran
Editor:	Elena V. Almario, Cita C Merla, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Karen D. Romero
Tagalapat:	Cristina T. Fangon
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 22:
Pagbubuod ng Kuwento

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang maipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng buod.

MT2RC-Ii-i-2.5



Subukin


Panuto: Isayos ang mga pangungusap ayon sa pagkakasunod-sunod para makabuo ng isang talata. Isulat ang letra A-E sa sagutang papel.

- _____ 1. Sabay-sabay silang kumain ng tanghalian.
- _____ 2. Ang pamilya Santos ay naghanda pára sa isang piknik.
- _____ 3. Masayang nagkuwentuhan at nagtawanan ang pamilya.
- _____ 4. Isinakay nila ang mga pagkain sa kotse.
- _____ 5. Maligayang umuwi ng bahay ang mag-anak.

Pagbubuod ng Kuwento

Isa sa libangan kapaki-pakinabang ang pagbabasa. Pinalalawak nito ang kaalaman ng tao. May mga pagkakataong ang anomang binasa o napanood natin ay ibinabahagi natin sa iba. Sa pagbabahagi nito, pinapaikli o binubuod natin ang kuwento kaya tanging ang mahahalagang pangyayari na lamang ang ating ibinabahagi sa iba. Tinitiyak natin na buo pa rin ang mensahe ng kuwento kahit ito ay maikli na.

Alamin natin kung paano ang mahabang kuwento o salaysay ay napaiikli nang di-nawawala ang kabuoang mensahe nito. Kaya mo ba itong gawin?



Balikan

Panuto: Lagyan ito ng tsek (✓) ang mga dapat tandaan upang madaling maunawaan ang kuwento at ekis (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ____ 1. Huwag intindihin ang binabasang kuwento.
- ____ 2. Unawaing mabuti ang kuwento.
- ____ 3. Tandaang mabuti ang mga tauhan ng kuwento.
- ____ 4. Isaisip ang mahahalagang pangyayari sa kuwento.
- ____ 5. Maglaro habang nagbabasa ng kuwento.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang diyologo at unawain itong mabuti.

Disiplina

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Isang araw, habang nakaupo ang magkapatid na sina Ana at Karen, napag-usapan nila ang sakit na mula sa **virus** na kumakalat sa buong mundo.

Ana: Ate, napanood mo ba sa balita ang sakit na kumakalat sa buong mundo?

Karen: Oo, ito ang sakit na tinatawag na **COVID19** na nagmula sa ibang bansa at ngayon ay kumakalat na rin dito sa ating bansa.

Ana: Paano po nagkakaroon ng sakit na COVID19 ang isang tao?

Karen: Ito ay nagmumula sa ubo, sipon at lagnat. Pwede rin itong makuha sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin ng ibang tao kung walang takip ang kanilang bibig o ang hindi nila paghuhugas ng kanilang mga kamay.

Ana: Ganun po ba! Dapat po pala ay palagi tayong gumamit ng panyo at maghugas ng kamay.

Karen: Tama, Iyan ang paraan para makaiwas tayo sa sakít na COVID19. Palagi nating dapat panatilihin may takip ang ating bibig. Pwede tayong magsuot ng **facemask**, maghugas ng kamay o kaya naman ay gumamit ng alkohol para mamatay ang mikrobyo. Ang mga bata at matatanda ay hindi maaaring lumabas ng bahay o mamasyal kahit saan lugar dahil madali tayong madapuan ng sakít na ito.

Ana: Mula sa araw na ito, palagi na po akong magsusuot ng facemask at maghuhugas ng aking mga kamay para hindi po ako magkaroon ng sakít na COVID19.

Karen: Oo, dapat palagi mo itong ginagawa. Kailangan sumunod tayo sa mga paalala sa atin.

Ana: Opo

Karen: Dapat lahat tayo ay magkaroon ng disiplina sa sarili para iwas COVID19.

Mula noon, palagi nang sabay maghugas ng kamay ang magkapatid at hindi na rin sila lumalabas ng kanilang bahay.



Suriin

Mayroon tayong mga karanasan na katulad sa ating nabasang kuwento. Marunong ka rin bang sumunod sa mga paalala? Maaaring ang sitwasyon na iyong nabasa ay nangyari na sa iyo. Tara, balikan natin ang ating kuwento.


Panuto: Sagutin ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento.

1. Sino ang nag-uusap sa kuwento?
2. Ano ang pinagmumulan ng sakit na ito?
3. Tungkol saan ang kanilang pinag-uusapan?
4. Paano kumakalat ang sakit na COVID19?
5. Ano-ano ang mga paraan para makaiwas sa sakit na ito?



Mga Tala para sa Guro

Gabayang ang mag-aaral sa kaniyang pagsasagot sa mga pagsasanay.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat ang letrang A-E sa sagutang papel upang maibuo ang kuwento ayon sa larawan.

Ang Magkapatid

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Ang mag-asawang Mang Binong at Aling Celing ay biniyayaan ng dalawang anak. Ito ay sina Angelo at Angela. Ang kanilang mga pangalan ay isinunod sa mga anghel na nilalang ng Diyos. Ang magkapatid ay lumaking mabuting bata. Sila ay matulungin at masipag na bata. Nakatapos ng pag-aaral ang magkapatid kaya lubos ang kaligayahan ng kanilang magulang.

___ 1.



___ 2.



___ 3.



___ 4.



___ 5.



Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin at ibigay ang buod ng kuwento. Piliin ang bilang ng pangungusap na bubuod sa kuwento. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

Ang Magkaibigan

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



May pusa at ibon na magkaibigan. Sila ay madalas magkita sa hardin ng paaralan. Tuwang- tuwa ang lahat na nakakakita sa kanila. Naglalaro ang pusa at ibon. Tutukain ng ibon ang pusa. Hahabulin naman ng pusa ang ibon. Nanatili silang magkaibigan nang maraming taon.


1. May dalawang magkaibigan na pusa at ibon.
2. Madalas silang maglaro.
3. Nanatiling magkaibigan ang pusa at ibon.
4. Makikita sa pusa at ibon ang pagmamahalan sa isa't isa.
5. Tuwang-tuwa ang nakakita sa kanila kapag naglalambingan ang pusa at ibon.

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin ang kuwento. Isulat sa papel ang buod ng kuwento na binubuo na 3-5 pangungusap.

Si Mang Alberto

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Si Mang Alberto ay isang magsasaka. Siya ay responsableng ama ng kanyang limang anak. Sa pagsasaka ay naibibigay niya ang mga pangangailangan ng kanyang mga anak. Maaga siyang gumigising upang magtrabaho sa bukid. Katuwang niya ang kanyang asawa sa mga gawain. Sa kanyang pagsisikap, ay napagtapos niya sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Sa ngayon ay maginhawa na ang kanilang pamumuhay.

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang kuwento. Piliin ang tamang letra na maaaring maging buod ng kuwento.

Ang Puso ng Saging

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Sa isang liblib na lugar, may nakatanim na puno ng saging sa isang bakanteng lupa. Matagal na ang puno doon. Sa tingin ng mga tao, ito ay walang pakinabang dahil hindi ito namumunga. Maraming araw ang lumipas, dumaan na ang tag-ulan at tag-init ngunit ang puno ay naroroon pa rin. Minsan, napadaan ang isang magandang dalaga sa may puno, at napansin niya na ito ay may usbong na. Sa pagdaan ng mga araw ang usbong ng puno ng saging ay lumalaki at nagiging hugis puso. Dahil panahon ng tag-hirap noon, sinubukan nilang iluto ito at kainin. Natuklasan nilang masarap pala ito. Mula noon kinakain na ng mga tao ang puso ng saging.


- A. May nakatanim na puno sa bakanteng lupa na akala ng mga tao ay walang pakinabang.
- B. Napansin ng isang magandang dalaga ang kakaibang umusbong sa puno na hugis puso.
- C. Malaki ang naitulong ng puso ng saging sa mga tao sa panahon ng tag-hirap dahil ito ang naging pagkain nila sa araw-araw.

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Piliin ang letrang bubuod sa kuwento.

Inang Kalikasan

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Ang mga tao at lahat ng bagay dito sa mundo ay nilikha ng Diyos. Malinis at sagana sa likas na yaman ang mundong kaniyang nilikha. Kaya sa likas na yaman kinukuha ang mga bagay na ginagamit at kinakain ng mga tao. Subalit, inaabuso at sisinira ng mga tao ang lahat ng ito. Pinuputol nila ang mga puno sa kagubatan.

At nagtatapon ng basura sa mga ilog, dagat at kahit saan. Nagiging marahas ang mga tao sa mga hayop.

Dahil sa mga maling gawain, maraming kalamidad ang nararanasan sa ngayon tulad ng bagyo, lindol at pagputok ng bulkan. Sa pagkasira ng kalikasan maraming buhay ang nawawala at nasisirang mga ari-arian. Mas makabubuti na pangalagaan at ingatan ang kapaligiran upang maging ligtas tayo habang buhay. Alam ni Inang Kalikasan na kahit ikaw ay bata, marami kang mabuting magagawa para sa kanya.

- A. Ang mga tao at lahat ng bagay dito sa mundo ay nilikha ng Diyos. Ang kalikasan ay dapat ingatan at alagaan upang tayong lahat ay maging ligtas sa anumang sakuna o kalamidad.
- B. Inabuso at sinira ng mga tao ang mga puno, ilog, dagat at naging marahas sila sa mga hayop.
- C. Maraming mga kalamidad ang nararanasan ngayon tulad ng bagyo, lindol at pagputok ng bulkan.

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang buod ay angkop sa kuwento at **Mali** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Magkakaibigan

Akda ni Renee Rose R. Malibiran

Isang araw, napadaan sina Karlo at Ayo sa isang malaki at mayabong na punò. “Halika Ayo, sumilong muna táyo sa ilalim ng punò,” aya ni Karlo. “Oo nga, napakainit ng araw, tirik na tirik ito,” tugon ni Ayo.



“Magpahinga muna táyo dito. Nakakapagod ang pagtatrabaho sa bukid,” wika ni Karlo. Dahil malamig sa ilalim ng punò ay agad nakatulog ang magkaibigan. Hindi nila pansin na sabay silang pinagmamasdan ng punò. Nangingiti nitong sinabi sa sarili, “Salamat sa Diyos dahil nakapagbibigay ako ng lilim na masisilungan ng mga taong napapagod.” Paggising ng dalawa ay masaya silang nagpasalamat sa punò. “Hanggang sa

muli," paalam nila. Mula noon, kapag napapagod sina Karlo at Ayo ay sumisilong sila sa punò.



- _____ 1. Bigay ng Diyos ang punò.
- _____ 2. Dapat mahalín at alagaan ng tao ang punò.
- _____ 3. Natuwa ang punò dahil nakatulong siya sa tao.
- _____ 4. Sinira ng mga tao ang punò kaya nagalit siya.
- _____ 5. Nakatulog ang magkaibigan sa ilalim ng punò.

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Lagyan ng ✓ kung tama at ✗ naman kung mali ang buod ng kuwento.

Ang Mahiwagang Kahon

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Si Ana ay isang batang ulila. Wala siyang nakilalang magulang. Siya ay lumaki sa kaniyang Tiya Selma. Hindi siya pinag-aral at ginawa siyang utusan nito. Kapag nagkakamali si Ana, pinarurusahan siya at hindi

pinapakain. Dahil sa kanyang nararanasan, naisipan niyang umalis ng bahay. Kung saan-saan siya nakarating. Sa kanyang paglalakad, nakapulot siya ng isang kahon na may nakasulat na pangalan. Agad niya itong ipinagtanong sa mga taong kaniyang nakakasalubong hanggang sa matagpuan niya ang may-ari nito. Dahil sa sobrang katuwaan ng may-ari ng kahon ay pinasalamatan niya si Ana. Nalaman ng may-ari ang kalagayan niya. Bilang pagtanaw ng utang na loob, kinupkop niya si Ana at itinuring na anak. Dahil dito, naisip ni Ana na mahiwaga ang kahon na kaniyang napulot.

- ___ 1. Nangungulila si Ana sa kanyang mga magulang.
- ___ 2. Mabait na bata si Ana kaya di siya pinabayaan ng Diyos.
- ___ 3. Mapalad ang mga batang naaapi.
- ___ 4. Tinulungan ng may-ari ng kahon si Ana.
- ___ 5. Itinago ni Ana ang napulot na kahon.

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin ang titik ng tamang buod ng kuwento.

Si Mangga at si Balimbing

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Si Mangga at si Balimbing ay magkaibigan. Halos araw-araw ay magkasama sila. Lagi silang magkakampi sa paglalaro at sa mga tuksuhan. Isang araw habang naglalaro sina Mangga at Balimbing ay mayroon silang hindi napagkasunduan. Sila ay nag-away at nagkagalit. Dahil sa galit ni Balimbing kay Mangga, kung ano-anong paninira ang ginawa niya kay dito. Nalungkot si Mangga sa nangyari. Mula noon mag-isa na lang siyang naglalaro at namamasyal.

Isang araw ay nagulat si Mangga dahil biglang lumapit sa kanya si Balimbing upang humingi ng tawad sa lahat ng kaniyang ginawa. Dahil may pusong maawain si Mangga, agad-agad niya itong pinatawad. Mula noon naging matalik na ulit silang magkaibigan.

- ___ a. Magkaibigang matalik sina Mangga at Balimbing.
- ___ b. Sila ay nagkagalit ngunit muling naging magkaibigan.
- ___ c. Laging magkasama sina Mangga at Balimbing sa paglalaro.
- ___ d. May pusong maawain si Mangga. Pinatawad niya si Balimbing.
- ___ e. Siniraan ni Balimbing si Mangga.



Isaisip

Ang pagbubuod ay ang _____ sa kuwento ngunit pinapanatiling buo ang _____ nito. Ang pagbubuod ay maaaring _____ o _____.

Mahalaga na maunawaan ng bata ang kaniyang binasa at natatandaan ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod sa _____ upang maibigay ang wastong buod.



Isagawa

Panuto: Isulat ang tamang buod ng kuwento sa iyong sagutang papel.

Barangay Mapagmahal

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Masarap mabuhay sa isang bayang punô ng pagmamahalan tulad ng Barangay Mapagmahal. Ang mga tao sa barangay na ito ay nagkakaisa, nagtutulungan, at higit sa lahat ay nagbibigayan.

Isang gabi, may magnanakaw na nakapasok sa bakuran nina Gng. Ramos. Malalim na ang gabi, mahimbing ang kanilang tulog kaya hindi sila nagising. Mabuti na lamang at narinig ng kanilang kapitbahay ang tahol ng aso. Naramdaman ng magnanakaw na nagising ang kapitbahay nina Gng. Ramos. Dali-dali itong umalis at nagtatakbo. Tuwang-tuwa si Gng. Ramos dahil hindi nakapasok ang magnanakaw sa kanilang bahay. Nagpasalamat siya sa kanilang kapitbahay.



Tayahin

Panuto: Isaayos ang buod ng kuwento ayon sa pagkakasunod-sunod. Isulat ang letrang A-E sa patlang.

Nanay! Nanay!

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Tumatakbo nang mabilis si Gelo habang sumisigaw ng “Nanay, Nanay!” Nagulat si Aling Mila sa kaniyang anak. Tinanong niya ito kung bakit humahangos sa pagtakbo. “May nakita po akong malaking ahas sa kakahuyan,” sabi ni Gelo sa kanyang ina. Natakot si Aling Mila sa sinabi ng anak. Pinagsabihan niya ito na huwag nang babalik doon. Ngunit sadyang matigas ang ulo ni Gelo. Muli itong nagpunta sa kakahuyan. Nang nakita siya ng ahas ay bigla siyang tinuklaw. Maya-maya sumigaw na naman si Gelo ng “Nanay! Nanay!” At bigla siyang nagising.

- ___ 1. Nagising si Gelo.
- ___ 2. Nagtatakbo si Gelo.
- ___ 3. Nagpunta sa kakahuyan si Gelo.
- ___ 4. Bumalik muli si Gelo sa kakahuyan.
- ___ 5. May nakitang ahas si Gelo.




Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin mabuti ang kuwento at isulat sa papel ang buod nito.

Sinumpong na Kangkong

Akda ni Renee Rose R. Malibiran



Sa likod ng bahay nina Ariel ay may nakatanim na mga gulay. Isa sa mga gulay ay si Kangkong. Isang araw habang nagdidilig ng mga halaman si Ariel, sinumpong ng kalokohan si Kangkong. Sinusundan-sundan niya si

Ariel kahit saan ito magpunta. Nagtatataka si Ariel kung bakit laging may Kangkong sa kanyang likuran. Inakala tuloy niya na hindi pa nadidiligan si Kangkong kaya binuhusan niya ito ng tubig. Muling naglakad si Ariel ngunit napansin niyang nasa likuran niya ulit si Kangkong. Naramdaman niya na may kakaibang nangyayari. Upang malaman ito, naupo siya sa isang tabi at nagkunwaring natutulog. Doon niya nakita na binibiro siya ni Kangkong. "Huli ka!" sabi ni Ariel kay Kangkong. At sabay na nagtawanan nang malakas ang dalawa.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subkin</p> <p>1. B 2. C 3. D 4. A 5. E</p>	<p>Balkan</p> <p>1. X 2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. X</p>	<p>Surin</p> <p>1. Ana at Karen 2. Ubo, sipon at lagnat 3. Tungkol sa sakit na kumakalat sa buong mundo. 4. Ibang bansa 5. Magtatakip ng bibig kung ubo at babahin, maghugas ng mga kamay, magsuot ng facemask at mantilla sa loob ng bahay ang mga bata at matanda.</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1. D 2. C 3. E 4. B 5. A</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1 3 4 5</p> <p>Dahil sa pagiging masipag at responsableng ama ni Mang Alberto at ng kanyang asawa napagtapos nila ng pag-aaral ang kanilang mga anak at sila ay nagiging matagumpay sa buhay kaya lubos ang kanilang kaligayahan.</p>	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <p>1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama</p>	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <p>1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. *</p>	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <p>D</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>1. E 2. A 3. B 4. D 5. C</p> <p>Dahil palaging dinidiligang ni Ariel si Kangkong nagiging malapit sila sa isat-sa at nagiging matalik na magkabiligan.</p>	<p>Isagawa</p> <p>Ang Baranggay Mapagmahal ay isang bayang puno ng pagtutulungan at pagmamahalan, pinakita nila kung paano sila magmalasaktan o magdamayan sa isat isa bilang magkakapitbahay.</p>	<p>Isaisip</p> <p>1. pagpapalaki! 2. mensahe 3. pasalaysay 4. pasulat 5. kuwento</p>	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <p>A. Ang mga tao at lahat ng bagay dito sa mundo ay nilikha ng Diyos. Ang kalikasan ay dapat ingatan at olagaan upang tayong lahat ay maging ligtas sa anumang sakuna o kalamidad.</p>
<p>Pagymain</p>											

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph